



Republika ng Pilipinas
LALAWIGAN NG BULACAN
Lungsod ng Malolos



Daniel R. Fernando
Punong Lalawigan

TANGGAPAN NG PUNONG LALAWIGAN

Enero 27, 2020

KALATAS

Minamahal kong mga Kalalawigan,

Kumakalat ngayon ang *2019 novel coronavirus (2019-nCoV)* na nagmula sa Wuhan, China. May mga kumpirmado nang kaso ang naitala sa ilang mga bansa gaya ng Thailand, Japan, South Korea, Nepal, Australia at Estados Unidos. Nananatiling walang kumpirmadong kaso ng *coronavirus* sa ating bansa. Gayunpaman, mahalaga ang sapat na kaalaman upang makaiwas ang mga Bulakenyo sa nasabing *coronavirus*.

Ang *coronavirus* ay pamilya ng mga *virus* na nagdudulot ng iba't ibang klaseng sakit, mula sa karaniwang ubo't sipon hanggang sa mas malulubhang impeksyon. Ito ay sakit ng mga *mammals* at ibon pero ito ay delikado kung maipapasa sa tao.

Ilan sa mga sintomas nito ay ang ubo, sipon, lagnat, pag-iksi at hirap sa paghinga. Sa malubhang mga kaso, maaari itong maging sanhi ng Pneumonia, problema sa bato at pagkamatay.

Hinihiling na maging mapagmatyag sa mga nasabing sintomas lalo na sa ating mga kababayan na may *history of travel* o mga nanggaling sa Wuhan, China sa nakalipas na apat (4) na linggo. Sa mga kinakikitaan ng sintomas kinakailangang:


- Agad na kumonsulta sa pinakamalapit na *health center* o ospital,
- Iwasan munang lumabas ng bahay at makisalamuha sa ibang tao.

Bukod pa rito, aming ipinababatid ang ilan sa mga paraan upang makaiwas sa sakit na dulot ng coronavirus:

1. Palagiang maghugas ng mga kamay.
2. Takpan ng *tissue* o panyo ang ilong at bibig kapag umubo o bumahing.
3. Iwasan ang *contact* sa mga hayop kung walang tamang gamit na proteksyon
4. Lutuing mabuti ang karne na inyong inihahanda.
5. Umiwas muna sa mga matataong lugar lalo na sa mga taong may sintomas ng ubo at sipon.
6. Uminom ng maraming tubig at kumain ng masusutansiyang pagkain upang mapalakas ang resistensya ng katawan.

Hangad po ng inyong lingkod ang maayos na kalusugan ng bawat Bulakenyo!

Nagmamahal,


DANIEL R. FERNANDO
Punong Lalawigan

